DV-130 T Utos ng Pagbabawal na Makipag-ugnayan Pagkatapos ng Pagdinig (Utos ng Proteksyon)

Nilalagyan ng stamp ng Klerk ang petsa dito kpag naihain na ang form.

Bilang impormasyon lamang

Huwag ihain sa korte

☐ **Orihinal na Utos** ☐ _____ **Binagong Utos**

1 Protektadong Indibidwal *(pangalan):* _____

Bilang impormasyon lamang

2 Tao na Pinagbabawalang Makipag-ugnayan

***Buong Pangalan**: _____

***Kasarian**: ☐ Lalaki ☐ Babae ☐ Nonbinary ***Lahi**: _____

***Edad**: _____ *(tantiyahin, kung hindi alam ang edad)*

Petsa ng Kapanganakan: _____

Taas: _____ Timbang: _____

Kulay ng Buhok: _____ Kulay ng Mata: _____

Kaugnayan sa tao sa 1, _____

Address ng pinagbabawalang indibidwal: _____

Lungsod: _____ Estado: _____ Zip: _____

(**Impormasyon na may star (*) sa tabi nito ay kailangang** para idagdag ang utos na ito sa database ng pulisya ng California. Ibigay ang lahat ng impormasyong nalalaman mo.)

Ilagay ang pangalan ng korte at street address:

Pinakamataas na Hukuman ng California, County ng

Ilalagay ng klerk ang numero ng kaso kapag naihain na ang form.

Numero ng Kaso:

Huwag ihain sa korte

3 ☐ Iba pang Protektadong Indibidwal

Dagdag pa sa Indibidwal sa 1, ang mga sumusunod na tao ay protektado ng mga utos gaya ng nakasaad sa 13 hanggang 16.

Buong pangalan	Kaugnayan sa indibidwal sa 1	Edad

☐ Lagyan ng tsek dito kung kailangan mong maglista ng mas marami pang indibidwal. Ilista ang mga ito sa isang hiwalay na piraso ng papel, isulat ang "DV-130, Other Protected People" (Iba pang Protektadong Tao) sa itaas, at ilakip sa form na ito.

4 Petsa ng Pagkawala ng Bisa

Ang utos ng pagbabawal na makipag-ugnayan na ito, maliban sa mga utos na nakasulat sa ibaba,* ay matatapos sa:

(petsa): _____ nang *(oras):* _____ ☐ a.m. ☐ p.m. o ☐ hatinggabi

- Ang mga utos sa kustodiya, pagbisita, sustento sa anak, at sustento sa asawa ay nananatiling may bisa pagkatapos ng utos ng pagbabawal na makipag-ugnayan. Karaniwang natatapos ang kustodiya, pagbisita, at sustento sa anak kapag ang anak ay 18.
- Kung walang nakasulat na petsa, ang utos ng pagbabawal na makipag-ugnayan ay matatapos sa tatlong taon pagkatapos ng petsa ng pagdinig, sa 5a.
- Kung walang oras na nakasulat, ang utos ng pagbabawal na makipag-ugnayan ay matatapos nang hatinggabi ng petsa ng pagkawala ng bisa.

Kailangang ipatupad ang utos na ito sa buong Estados Unidos. Tingnan ang pahina 10.

Ito ay isang Utos ng Hukuman.

5 ☐ Pagdinig sa Hukuman sa Hinaharap

Ang ☐ indibidwal sa 1 ☐ indibidwal sa 2 ay kailangang dumalo sa hukuman sa:
Petsa: _____ Oras _____ ☐ a.m. ☐ p.m.
Departamento: _____ Room: _____
upang suriin ang *(ilista ang mga isyu):* _____
_____

6 Pagdinig

a. Ang pagdinig ay noong *(petsa):* _____ kay *(pangalan ng panghukumang opisyal):* _____

b. Ang mga indibidwal na ito ay dumalo ng pagdinig *(lagyan ng tsek ang lahat ng naaangkop):*

☐ Ang indibidwal sa 1 ☐ Ang abogado para sa indibidwal sa 1 *(pangalan):* _____
☐ Ang indibidwal sa 2 ☐ Ang abogado para sa indibidwal sa 2 *(pangalan):* _____

7 Desisyon ng Hukuman

Sa paggawa ng utos na ito, isinaalang-alang ng hukuman kung ang hindi paggawa ng alinman sa mga utos na hiniling ay maaaring ilagay sa panganib ang kaligtasan ng tao 1 o sinumang mga anak na nakalista sa form DV-105. Kung humiling ng sustento sa anak o sa asawa, isinaalang-alang ng hukuman kung ang hindi paggawa ng mga utos sa pagsustento ay ilagay sa panganib ang kaligtasan ng tao sa 1 o sa sinumang mga anak na nakalista sa form DV-105.

Sa Indibidwal na nasa 2:

Ibinigay ng hukuman ang pangmatagalang utos ng pagbabawal na makipag-ugnayan. Tingnan ang 7 hanggang 31. Kung hindi mo susundin ang mga utos na ito, maaari kang makasuhan ng krimen, makulong o mabilanggo, at/o magbayad ng multa. Isang pagkakasala ang kunin o itago ang anak bilang paglabag sa utos na ito.

Ito ay isang Utos ng Hukuman.

8 Bawal ang mga Armas (mga Baril), mga Bahagi ng Armas, o Bala

a. Hindi ka maaaring magmay-ari, magkaroon, bumili, o sumubok na bumili, tumanggap o sumubok na tumanggap, o sa anumang iba pang paraan ay kumuha ng anumang ipinagbabawal na item na nakalista sa ibaba sa b.

b. **Ang mga ipinagbabawal na bagay ay:**
(1) Mga armas (mga baril);
(2) Mga bahagi ng armas, na nangangahulugan na mga receiver, frame, at anumang bagay na maaaring gamitin bilang o madaling gawing receiver o frame (tingnan ang seksyon 16531 ng Kodigo Penal); at
(3) Bala.

c. Sa loob ng 24 na oras ng pagtanggap ng utos na ito, kailangan mong ibenta sa o iimbak sa isang lisensyadong nagbebenta ng baril, o isuko sa tagapagpatupad ng batas, ang anumang mga ipinagbabawal na item na pag-aari o kontrolado mo.

d. Kung hiningi sa iyo ng tagapagpatupad ng batas ang iyong mga ipinagbabawal na bagay, kailangan mo itong isuko agad.

e. Sa loob ng 48 oras ng pagtanggap ng utos na ito, kailangan mong ihain ang resibo sa hukuman na nagpapatunay na ang lahat ng ipinagbabawal na bagay ay isinuko, naibenta, o naimbak na. (Dapat mong gamitin ang form DV-800/JV-270, *Mga resibo para sa mga Armas, Bahagi ng Armas, at Bala.*) Kung binigyan ka ng tagapagpatupad ng batas ng utos ng pagbabawal na makipag-ugnayan, kailangan kang magbigay ng kopya ng resibo sa ahensiya ng tagapagpatupad ng batas na iyon.

f. ☐ Limitadong Eksepsyon: Gumawa ang hukom ng mga kinakailangang nalaman para magbigay ng eksepsyon sa ilalim ng seksyon 6389(h) ng Kodigo ng Pamilya. Sa ilalim ng batas ng California, ang tao sa (2) ay hindi kailangang isuko ang armas na ito *(kumpanyang gumawa, modelo, at serial number ng armas):* _____ ngunit kailangan lamang magkaroon nito sa mga oras ng naka-iskedyul na trabaho at patungo sa at mula sa lugar ng kanyang trabaho. Kahit may eksepsyon sa ilalim ng batas ng California, ang indibidwal sa (2) ay maaaring sumailalim sa pederal na pag-uusig dahil sa pagmamay-ari o pagkontrol ng armas.

9 ☐ Ang pinagbabawalang tao ay may mga ipinagbabawal na bagay

Nalaman ng hukuman na mayroon kang mga sumusunod na ipinagbabawal na mga bagay:

a. **Mga armas at/o mga bahagi ng armas**

Paglalarawan *(kasama ang serial number, kung alam)*	Lokasyon, kung alam	Patunay ng pagsunod na natanggap ng hukuman
(1) _____	_____	☐ *(petsa):* _____
(2) _____	_____	☐ *(petsa):* _____
(3) _____	_____	☐ *(petsa):* _____
(4) _____	_____	☐ *(petsa):* _____

Ito ay isang Utos ng Hukuman.

9 Nalaman ng hukuman na mayroon kang mga sumusunod na ipinagbabawal na mga bagay:

b. **Bala**

Paglalarawan	Dami, kung alam	Lokasyon, kung alam	Katibayan ng pagsunod na natanggap ng hukuman
(1) _____	_____	_____	☐ *(petsa):* _____
(2) _____	_____	_____	☐ *(petsa):* _____

☐ Lagyan ng tsek dito para ilista ang mga karagdagang bagay. Ilista ang mga ito sa isang hiwalay na piraso ng papel, isulat ang "DV-130, Ang Pinagbabawalang Tao ay may mga Ipinagbabawal na Bagay" sa itaas, at ilakip sa form na ito.

10 ☐ Ang Pinagbabawalang Indibidwal ay Hindi Sumunod sa Pagsuko ng mga Ipinagbabawal na Bagay

a. Nalaman ng hukuman na hindi ka ganap na sumunod sa mga utos na dating ibinigay noong *(petsa):* _____
Hindi nakatanggap ang hukuman ng resibo o patunay ng pagsunod para sa lahat bagay na nakalista sa **9**.

b. Abisuhan ang Tagapagpatupad ng Batas
Agad na aabisuhan ng hukuman ang sumusunod na ahensyang tagapagpatupad ng batas sa paglabag na ito *(ahensya o mga ahensyang tagapagpatupad ng batas):* _____

c. Abisuhan ang Taga-usig
Agad na aabisuhan ng hukuman ang sumusunod na ahensyang taga-usig sa paglabag na ito *(ahensyang taga-usig):* _____

11 ☐ Pagdinig ng Hukuman Upang Suriin ang Pagsunod Hinggil sa mga Armas (mga Baril), mga Bahagi ng Armas, at Bala

Kailangan mong dumalo sa pagdinig sa hukuman sa **5** para patunayan na isinuko mo nang tama, ibinenta, o inimbak ang lahat ng ipinagbabawal na bagay (inilalarawan sa **8** b) mayroon ka pa rin o nagmamay-ari ng, kasama ang anumang item na nakalista sa **9**. Kung hindi ka dadalo sa pagdinig ng hukuman na nakalista sa **5**, maaaring malaman ng hukom na nilabag mo ang utos ng pagbabawal na makipag-ugnayan at abisuhan ang tagapagpatupad ng batas at nag-uusig na abogado ng paglabag.

12 Walang Pangprotekta sa Katawan (Body Armor)

Hindi ka maaaring magmay-ari, magkaroon, o bumili ng pangproteksyon sa katawan (inilalarawan sa seksyon 16288 ng Kodigo Penal). Kailangan mong isuko ang anumang pangprotekta sa katawan na nasa iyo.

Ito ay isang Utos ng Hukuman.

(13) Hindi Maaaring Hanapin ang mga Protektadong Tao

Hindi ka maaaring gumawa ng anumang pagkilos para hanapin ang sinumang taong protektado ng utos na ito, kabilang ang kanilang mga address o lokasyon.

☐ Kung nilagyan ng tsek, ang utos na ito ay hindi ibinigay dahil ang hukuman ay may nahanap na mabuting dahilan upang hindi gawin ang utos na ito.

(14) ☐ Utos na Huwag Mang-abuso

Hindi mo dapat gawin ang mga sumusunod na bagay sa indibidwal sa (1) at sinumang indibidwal na nakalista sa (3):

- Mang-harass, mang-atake, hampasin, manakot, mag-atake (sekswal o sa ibang paraan), manakit, sumunod, sumunod nang palihim, magmolestya, manira ng personal na ari-arian, panatilihing nasa pagsubaybay, gayahin (sa internet, sa elektronikong paraan, o sa ibang paraan), hadlangan ang mga paggalaw, gambalain sa telepono o sa iba pang elektronikong pamamaraan (kabilang ang paulit-ulit na pakikipag-ugnayan, o gambalain ang katahimikan.
- Ang "gambalain ang katahimikan" ay nangangahulugang sirain ang pagkakalmado ng pag-iisip o emosyon ng isang tao. Maaaring gawin ito nang direkta o hindi direkta, tulad ng sa pamamagitan ng ibang tao. Maaari rin itong gawin sa anumang paraan, tulad ng sa pamamagitan ng telepono, sa text, o online. Ang paggambala sa katahimikan ay kinabibilangan ng mapamuwersang pagkontrol.
- Ang "namimilit na pagkontrol" ay nangangahulugang ilang pagkilos na hindi makatuwirang nililimitahan ang kalayaang magpasya at mga pang-indibidwal na karapatan ng sinumang taong protektano ng utos ng pagbabawal na makipag-ugnayan na ito. Kabilang sa mga halimbawa ang paghihiwalay sa kanila mula sa mga kaibigan, kamag-anak, o iba pang suporta; paglayo ng pagkain o mga pangunahing pangangailangan sa kanila; pagkontrol o pagsubaybay sa kanila, kabilang ang kanilang mga galaw, pakikipag-ugnayan, pagkilos, pera, o access sa mga serbisyo; pagpapagawa sa kanila ng isang bagay sa pamamagitan ng puwersa, pagbabanta, o pananakot, kabilang ang mga banta batay sa aktwal o pinaghihinalaang katayuang pang-imigrasyon. Ang namimilit na pagkontrol ay kinabibilangan ng reproductive coercion na nangangahulugang pagkontrol sa mga desisyon sa kakayahang magkaanak ng isang tao, tulad ng paggamit ng puwersa, pagbabanta, o pananakot upang pilitin ang isang tao na magbuntis o hindi magbuntis, at upang kontrolin o makialam sa pagbubuntis, pagkontrol sa pagbubuntis, pagbubuntis, o access sa impormasyon sa kalusugan ng isang tao.

(15) Utos na Huwag Makipag-ugnayan

a. Hindi mo dapat **kontakin** ☐ ang indibidwal sa (1), ☐ ang mga indibidwal sa (3), nang direkta o hindi direkta, sa pamamagitan ng anumang paraan, kasama ang sa pamamagitan ng telepono, sulat, email, o iba pang mga elektronikong paraan.

b. Eksepsyon sa 15a:

(1) ☐ Maaari kang magkaroon ng maikli at mapayapang pakikipag-ugnayan sa tao sa (1) para lang pag-usapan ang tungkol sa inyong mga anak para sa mga pagbisitang inutos ng hukuman.

(2) ☐ Maaari ka lamang makipag-ugnayan sa iyong mga anak sa panahon ng pakikipag-ugnayan o pagbisita na inutos ng hukuman.

(3) ☐ Iba pa *(ipaliwanag):* _____

c. Ang nakasulat na mapayapang pakikipag-ugnayan sa pamamagitan ng abogado o tagahatid at tagabigay ng mga legal na dokumento (process server) o iba pang tao para sa serbisyo ng mga legal na papeles na nauugnay sa kaso sa hukuman ay pinahihintulutan at hindi nilalabag ang utos na ito.

Ito ay isang Utos ng Hukuman.

16 ☐ Utos na Lumayo

a. Kailangan mong manatili nang hindi bababa sa*(tukuyin):* _____ yarda ang layo mula sa *(lagyan ng tsek ang lahat ng naaangkop):*

- ☐ Indibidwal sa (1).
- ☐ Tahanan ng indibidwal sa (1).
- ☐ Trabaho o lugar ng pinagtatrabuhan ng indibidwal (1).
- ☐ Sasakyan ng indibidwal sa (1).
- ☐ Paaralan ng indibidwal sa (1).
- ☐ Mga indibidwal sa (3).
- ☐ Paaralan ng mga bata o pag-aalaga sa bata.
- ☐ Iba pa *(ipaliwanag):* _____

b. ☐ Eksepsyon sa 12a:

Ang mga utos na lumayo ay hindi naaangkop:

(1) Para sa pagpapalitan ng iyong mga anak para sa mga iniutos ng pagbisita ng korte. Kailangan mong gawin ito nang maikli at mapayapa.

(2) Para mabisita mo ang iyong mga anak para sa mga pakikipag-ugnayan o pagbisita na inutos ng hukuman.

(3) Iba pa *(ipaliwanag):* _____

17 ☐ Utos na Umalis

Kailangan mong agad na umalis mula sa *(address):*

_____

18 ☐ Iba pang mga Utos

_____

_____

19 ☐ Utos ng Kustodiya at Pagbisita sa Anak

Ibinigay ng hukom ang mga utos hinggil sa mga menor de edad na anak. Kasama sa mga utos sa **form DV-140**, at *(ilista ang iba pang form):* _____

20 Protektahan ang mga Hayop

a. ☐ Kailangan mong manatili nang hindi bababa sa _____ yarda ang layo mula sa mga hayop na nakalista sa ibaba.

b. ☐ Hindi mo dapat kunin, ibenta, itago, abusuhin, atakihin, hampasin, takutin, pinsalain, itapon, ilipat, o hiramin laban sa mga hayop.

c. ☐ Ang indibidwal sa (1) ay binibigyan ng natatanging pag-aari, pangangalaga, at kontrol ng mga hayop na nakalista sa ibaba.

Pangalan *(o iba pang paraan para makilala ang hayop)*	Uri ng hayop	Lahi *(kung alam)*	Kulay

Ito ay isang Utos ng Hukuman.

(21) ☐ Pagkontrol sa Ari-arian

Ang tao lang sa (1) ang makakagamit, makakakontrol, at magkakaroon ng sumusunod na ari-arian:

_____
_____
_____
_____
_____

(22) ☐ Insurance sa Kalusugan at Iba pang Insurance

Ang indibidwal ☐ sa (1) ☐ sa (2) ay inuutusang huwag i-cash, humiram sa, kanselahin, ilipat, alisin, o baguhin ang mga benepisyaryo ng anumang insurance o coverage na hawak para sa benepisyo ng mga partido, o kanilang mga anak, kung mayroon, para kanino maaaring iutos ang sustento, o pareho.

(23) ☐ Itala ang mga Komunikasyon

Ang indibidwal sa (1) ay maaaring itala ang mga komunikasyong ginawa ng tao sa (2) na lumalabag sa utos na ito.

(24) ☐ Paghihigpit sa Ari-arian

Ang indibidwal ☐ sa (1) ☐ sa (2) ay hindi dapat ilipat, humiram sa, ibenta, itago, o alisin o sirain ang anumang ari-arian, kasama ang mga hayop, maliban sa karaniwang haba ng negosyo o para sa mga pangangailangan sa buhay. Bukod dito, kailangang abisuhan ng bawat tao ang kabilang panig ng anumang bago o malalaking gastos at ipaliwanag ang mga ito sa hukuman. (Kung ibinigay ng hukuman ang utos sa (15), ang indibidwal sa (2) ay hindi dapat kontakin ang tao sa (1). Para abisuhan ang indibidwal sa (1) ng bago o malalaking gastos, ipadala sa server sa pamamagitan ng koreo o personal na ibigay ang impormasyon sa tao sa (1) o kontakin ang kanilang abogado, kung mayroon sila nito.)

(25) ☐ Magbayad ng mga Utang (mga Bayarin) para sa Ari-arian

a. Dapat mong gawin ang pagbabayad na ito hanggang sa matapos ang utos na ito.

(1) Magbayad kay/sa: _____ Para sa _____ Halaga: $ _____ Takdang petsa: _____

(2) Magbayad kay/sa: _____ Para sa _____ Halaga: $ _____ Takdang petsa: _____

(3) Magbayad kay/sa: _____ Para sa _____ Halaga: $ _____ Takdang petsa: _____

b. ☐ Nalaman ng hukuman na ang utang o mga utang na nakalista sa itaas sa ☐ a(1) ☐ a(2) ☐ a(3) ay ang resulta ng pang-aabuso sa kasong ito, at ginawa na hindi pumayag ang indibidwal sa (1).

Ito ay isang Utos ng Hukuman.

26 ☐ Bayaran ang mga Gastos na Dulot ng Pang-aabuso

Kailangan mong bayaran ang mga sumusunod:

Magbayad kay/sa: _____ Para sa _____ Halaga: $ _____ Takdang petsa: _____

Magbayad kay/sa: _____ Para sa _____ Halaga: $ _____ Takdang petsa: _____

Magbayad kay/sa: _____ Para sa _____ Halaga: $ _____ Takdang petsa: _____

27 ☐ Sustento sa Anak

Ang sustento sa anak ay iniutos sa nakalakip na form FL-342, *Kalakip na Impormasyon at Utos para sa Sustento sa Anak* o *(ilista ang iba pang form):* _____

28 ☐ Sustento sa Asawa

Ang sustento sa asawa ay iniutos sa nakalakip na form FL-343, *Kalakip na Utos sa Asawa, Domestic Partner, o Sustento sa Pamilya* o *(ilista ang iba pang form):* _____

29 ☐ Mga Bayad at Gastos sa Abogado

Kailangan mong bayaran ang mga sumusunod na bayad at gastos sa abogado:

Magbayad kay/sa: _____ Para sa _____ Halaga: $ _____ Takdang petsa: _____

Magbayad kay/sa: _____ Para sa _____ Halaga: $ _____ Takdang petsa: _____

30 ☐ Programa ng Interbensyon ng Nananakit

a. Ang tao sa (2) ay kailangang pumunta sa at magbayad para sa probation at sertipikadong 52 linggong programa ng interbensyon ng nananakit at magpakita sa hukuman ng patunay ng pagkumpleto nito.

b. Ang indibidwal sa (2) ay kailangang mag-enroll bago ang (petsa): _____ o kung walang petsang nakalista, kailangang mag-enroll sa loob ng 30 araw pagkatapos ginawa ang utos.

c. Ang indibidwal sa (2) ay dapat kumpletuhin, maghain, at maghatid ng form DV-805, *Patunay ng Pag-enroll para sa Programa ng Inberbensyon ng Nananakit.*

31 ☐ Paglipat ng Wireless na Account ng Telepono

Ang hukuman ay gumawa ng utos na paglilipat ng isa o mahigit pang account ng wireless na serbisyo mula sa iyo papunta sa indibidwal sa (1). Ang mga utos na ito ay nakapaloob sa form DV-900, *Utos sa Paglipat ng Wireless na Account ng Telepono.*

Ito ay isang Utos ng Hukuman.

32 Serbisyo *(lagyan ng tsek ang a, b, o c)*

a. ☐ **Walang ibang patunay ng paghatid ang kailangan.** Ang mga indibidwal sa 1 at 2 ay dumalo sa pagdinig, nang personal o malayo (sa pamamagitan ng telepono o videoconference), o sumang-ayon sa sulat sa utos na ito.

b. ☐ Ang indibidwal 2 ay wala doon. Ang patunay ng serbisyo ng form DV-109 at form DV-110 (kung inilabas) ay iniharap sa hukuman. *(Lagyan ng tsek ang lahat ng naaangkop):*

(1) ☐ Ang utos na ito ay maaaring ibigay sa pamamagitan ng koreo. Ang mga utos ng hukom sa form na ito ay katulad ng sa form DV-110 maliban sa petsa ng pagkawala ng bisa. Ang tao sa 2 ay dapat bigyan, sa pamamagitan ng koreo o nang personal.

(2) ☐ Ang utos na ito ay kailangang personal na ibigay. Ang mga utos ng hukom sa form na ito ay naiiba sa mga utos sa form DV-110, o hindi ibinigay ang form DV-110. Ang indibidwal sa 2 ay dapat personal na nabigyan (ibinigay) ng kopya ng utos na ito.

(3) ☐ Nag-iskedyul ang hukuman ng pagdinig sa pagsunod sa mga armas at bala. Ang indibidwal sa 1 ay dapat may kopya ng utos na ito na ibinigay sa indibidwal sa 2 sa pamamagitan ng:

(a) ☐ Personal serbisyo sa *(petsa):* _____

(b) ☐ Ipadala sa koreo sa tao sa huling alam na address ng 2 bago ang *(petsa):* _____

c. ☐ **Ang patunay ng serbisyo ng form FL-300 para baguhin ang mga utos sa form DV-130 ay iniharap sa hukuman.**

(1) ☐ Ang mga indibidwal sa 1 at 2 ay dumalo sa pagdinig o sumang-ayon sa pamamagitan ng sulat sa utos na ito. Wala iba pang patunay ng pagbigay ang kailangan.

(2) ☐ Ang indibidwal ☐ sa 1 ☐ sa 2 ay hindi dumalo sa pagdinig at dapat personal na bigyan (ibinigay) ng kopya ng binagong (binago) utos na ito.

33 Walang Singil sa Pagbigay (Abisuhan) ang Pinagbabawalang Tao

Ibibigay ng sheriff o marshal ang utos na ito nang libre. Kung gusto mong ibigay ng sheriff ang iyong mga papeles, (1) kumpletuhin ang form SER-001, *Kahilingan para Ibigay ng Sheriff ang mga Papeles ng Hukuman,* at (2) ibigay ang nakumpletong form at kopya ng utos na ito sa sheriff.

34 ☐ Mga Nakalakip na Pahina

Ang lahat ng nakalakip na pahina ay bahagi ng utos na ito.

a. Bilang ng mga pahinang nakalakip sa 11-pahinang form na ito: _____

b. Kasama sa mga kalakip ang mga form *(lagyan ng tsek ang lahat ng naaangkop):*

☐ DV-140 ☐ DV-145 ☐ DV-900 ☐ FL-341(C) ☐ FL-342 ☐ FL-343 ☐ Iba pa: _____

Lagda ng Hukom

Petsa: _____ _____

Hukom o Panghukumang Opisyal

Ito ay isang Utos ng Hukuman.

Katibayan ng Pagsunod Sa VAWA

Ang utos ng pagbabawal na makipag-ugnayan (proteksyon) na ito ay natutugunan ang lahat ng kinakailangan sa "buong pananalig at pagsunod" sa 18 U.S.C. seksyon 2265 (1994) ng Batas Laban sa Karahasan sa mga Kababaihan (VAWA), sa oras na mabigyan ng paunawa ang pinagbabawalang indibidwal. Ang hukumang ito ay may hurisdiksyon sa mga partido at sa paksa; ang pinagbabawalang indibidwal ay nabigyan o bibigyan ng paunawa at napapanahong pagkakataong mapakinggan gaya ng nakasaad sa mga batas ng hurisdiksyong ito. **Ang utos na ito ay may bisa at nararapat na ipatupad sa bawat hurisdiksyon sa buong 50 estado ng Estados Unidos, sa Distrito ng Columbia, lahat ng lupaing pantribo, at lahat ng teritoryo, commonwealth, at pag-aari ng U.S. at ipapatupad na tila ito ay utos ng hurisdiksyong iyon.**

Mga Instruksyon sa Tagapagpatupad ng Batas

Petsa ng Pagsisimula at Petsa ng Pagtatapos ng mga Utos

Magsisimula ang utos sa kung alin ang mas maaga sa mga sumusunod na petsa:

- Ang petsa ng pagdinig sa (6) a sa pahina 2; o
- Ang petsa sa tabi ng lagda ng hukom sa pahinang ito.

Matatapos ang utos na ito sa petsa ng pagkawala ng bisa sa (4). Kung walang petsa na nakalista, magwawakas ang mga ito tatlong taon mula sa petsa ng pagdinig.

Mga Tungkulin ng Opisyal na Magbibigay ng Utos na ito

Ang opisyal na magbibigay ng utos na ito sa Pinagbabawalang Indibidwal ay kailangang gawin ang mga sumusunod:

- Itanong kung ang Pinagbabawalang Indibidwal ay mayroong sa alinmang sa mga ipinagbabawal na bagay na nakalista sa (8) b, o may kustodiya o kontrol sa alinman na pa nila isinusuko.
- Utusan ang Pinagbabawalang Indibidwal na agad na ibigay sa iyo ang lahat ng ipinagbabawal na item.
- Bigyan ng resibo ang Pinagbabawalang Indibidwal para sa lahat ng ipinagbabawal na mga bagay na ibinigay.
- Kumpletuhin ang patunay ng personal na pagbigay at ihain ito sa hukuman. Maaari mong gamitin ang form DV-200 para sa layuning ito.
- Sa loob ng isang araw ng negosyo ng pagbibigay, direktang isumite ang patunay ng pagbigay sa Sistema ng California sa Utos ng Pagbabawal na Makipag-ugnayan at Magprotekta (CARPOS), kabilang ang pangalan ng opisyal na nagbibigay at ahensya ng pagpapatupad ng batas.

Pagpapatupad ng Utos ng Pagbabawal na Makipag-ugnayan sa California

Ang sinumang opisyal sa pagpapatupad ng batas sa California na nakatanggap, nakakita, o nagberipika ng mga utos sa papel na kopya, sa Sistema ng California sa Telekomunikasyon ng Tagaqpagpatupad ng Batas (CLETS), o sa isang NCIC File ng Utos ng Pagprotekta ay dapat ipatupad ang mga utos.

Abiso/Legal na dokumento na ipinapakita na natanggap ng partido ang mga legal ng dokumento mula sa ibang partido (Proof of Service)

Kailangan munang malaman ng tagapagpatupad ng batas kung ang pinagbabawalang indibidwal ay nakatanggap ng abiso ng mga utos. Kung hindi maberipika ang abiso, kailangang ipaalam sa pinagbabawalang indibidwal ang mga tuntunin ng mga utos. Kung pagkatapos ay hindi sinunod ng pinagbabawalang indibidwal ang mga utos, kailangang ipatupad ng opisyal ang mga ito. (seksyon 6383 ng Kodigo ng Pamilya.)

Iturin na "naibigay" (naabisuhan) ang pinagbabawalang indibidwal kung:

- Nakita ng opisyal ang kopya ng *Legal na dokumento na ipinapakita na natanggap ng partido ang mga legal ng dokumento mula sa ibang partido (Proof of Service)* o kinukumpirma na ang *Proof of Service* ay nasa file; *o*
- Dumalo sa pagdinig ang pinagbabawalang tao (tingnan ang (32)) o ipinaalam ang utos ng opisyal. (Seksyon 6383 ng Kodigo ng Pamilya; seksyon 836(c)(2) ng Kodigo Penal.) Maaaring makuha ng opisyal ang impormasyon tungkol sa mga nilalaman ng utos sa Sistema sa Utos ng Pagbabawal na Makipag-ugnayan at Proteksyon ng California (CARPOS). (seksyon 6381(b)–(c) ng Kodigo ng Pamilya.)

Ito ay isang Utos ng Hukuman.

Kailangang MArestuhin kung Nilabag ang Utos

Kung ang opisyal ay may posibleng dahilan upang maniwala na ang pinagbabawalang indibidwal ay nakatanggap ng abiso ng utos at hindi sinunod ang utos, kailangang arestuhin ng opisyal ang pinagbabawalang indibidwal. (mga seksyon 836 ng Kodigo Penal(c)(1), 13701(b).) Ang paglabag sa utos ay maaaring isang paglabag sa seksyon 166 o 273.6 ng Kodigo Penal.

Kung ang Protektadong Tao ay Nakipag-ugnayan sa Pinagbabawalang Indibidwal

Kahit nag-imbita ang protektadong indibidwal o nagpahintulot ng pakikipag-ugnayan sa pinagbabawalang indibidwal, kailangang manatiling may bisa ang utos at kailangan itong ipatupad. Hindi maaaring arestuhin ang protektadong indibidwal dahi sa pag-iimbita o pagpapahintulot ng pakikipag-ugnayan sa pinagbabawalang indibidwal. Maaari lamang baguhin ang mga utos ng isa pang utos ng hukuman. (seksyon 13710(b) ng Kodigo Penal.)

Kustodiya at Pagbisita sa Anak

Ang mga utos sa kustodiya at pagbisita sa anak ay nakalista sa form DV-140 o iba pang kalakip na form. Kung ang gumawa ng mga utos na ito ay ang hukom, tingnan sa (15) at (16) ng utos na ito para makita kung nagbigay ang hukom ng eksepsyon para sa maikli at mapayapang pakikipag-ugnayan sa indibidwal sa (1) gaya ng kinakailangan para sundin ang mga pagbisitang iniutos ng hukuman. Ang pakikipag-ugnayan ng indibidwal sa (2) na **hindi** maikli at mapayapa ay isang paglabag sa utos na ito.

Magkakasalungat na Mga Utos—Mga Prayoridad sa Pagpapatupad

Kung mahigit sa isang utos ng pagbabawal na makipag-ugnayan ang inisyu na magpoprotekta sa protektadong indibidwal mula sa pinagbabawalang indibidwal, ang utos ay kailangang ipatupad sa sumusunod na priyoridad (tingnan ang seksyon 136.2 ng Kodigo Penal at mga seksyon 6383(h)(2), 6405(b) ng Kodigo ng Pamilya):

1. **Utos ng hukuman na nagbibigay ng agarang legal na proteksyon sa mga biktima ng karahasan sa tahanan (Emergency Protective Order, EPO):** Kung ang isa sa mga utos ay isang *Utos ng hukuman na nagbibigay ng agarang legal na proteksyon sa mga biktima ng karahasan sa tahanan* (form EPO-001), dapat ipatupad ang mga probisyon (hal., utos na lumayo) na higit pang naghihigpit kaysa sa iba pang utos ng pagbabawal na makipag-ugnayan/proteksyon. Ang mga probisyon ng isa pang utos na hindi sumasalungat sa EPO ay kailangang ipatupad.
2. **Utos na Walang Pakikipag-ugnayan:** Kung ang utos ng pagbabawal na makipag-ugnayan/proteksyon ay kasama ang utos na walang pakikipag-ugnayan, dapat ipatupad ang utos na walang pakikipag-ugnayan. Ang item (15) ay isang halimbawa ng isang utos ng walang-pakikipag-ugnayan.
3. **Utos ng Hukuman para Protektahan ang mga Biktima o Saksi ng Krimen (Criminal Protective Order, CPO):** Kung hindi kasama sa mga utos ang EPO o utos na walang pakikipag-ugnayan, ang pinakabagong CPO ay dapat ipatupad. (mga seksyon 6383(h)(2) at 6405(b) ng Kodigo ng Pamilya). Bukod dito, ang isang inilabas ng CPO sa isang kasong kriminal na may kinalaman sa mga kaso ng karahasan sa tahanan, mga seksyon 261, 261.5 ng Kodigo Penal, o dating 262, o mga sakdal na nag-aatas ng pagpaparehistro bilang sex offender ay dapat ipatupad bago sa anumang utos ng hukumang sibil. (seksyon 136.2(e)(2) ng Kodigo Penal). Ang lahat ng probisyon sa utos ng hukumang sibil na hindi sumasalungat sa CPO ay dapat ipatupad.
4. **Mga utos ng hukuman na pinagbabawalan ang isang tao sa pakikipag-ugnayan sa iba (Civil Restraining Orders):** Kung mayroong mahigit sa utos ng hukuman na pinagbabawalan ang isang tao sa pakikipag-ugnayan sa iba (hal., karahasan sa tahanan, kabataan, pang-aabuso sa matanda, sibil na pangha-harass), kaya dapat ipatupad ang utos na huling ibinigay. Ang mga probisyon na hindi sumasalungat sa pinakabagong utos ng hukuman na pinagbabawalan ang isang tao sa pakikipag-ugnayan sa iba ay dapat ipatupad.

(Pupunan ng klerk ang bahaging ito.)

Mga Instruksyon sa Klerk: Dapat kang magbigay ng hanggang sa tatlong libreng (pinatunayan, nilagyan ng stamp, at inendorso) kopya ng utos na ito sa protektadong partido.

Katibayan ng Klerk
[seal]

—Katibayan ng Klerk—

Pinatutunayan ko na ang *Utos ng Pagbabawal Pagkatapos ng Pagdinig (Restraining Order After Hearing) (Utos ng Proteksyon) ay totoo at tamang kopya ng orihinal ng nasa file sa hukuman.*

Petsa: _____ Klerk, ni _____, Deputy

Ito ay isang Utos ng Hukuman.

Para sa inyong proteksyon at pagkapribado, mangyaring pindutin ang I-clear itong form na buton matapos niyong iprinta ang form.

I-printa itong form | I-save itong form | I-clear itong form